

FORWARD

Espirituwal na Disiplina

NOTES

A series of horizontal dotted lines for taking notes.

WARM-UP

- Ano ang isang uri ng pagkain na labis mong pinanabikan? Ano ang nagustuhan mo sa pagkaing ito?
- Noong ika'y lumalaki, kinailangan mo bang sumunod sa mga patakaran sa bahay, nang walang mintis? Bakit oo o bakit hindi?
- Mayroon bang pagkakataon na may isang taong nangako sa iyo ngunit hindi ito tinupad? Ano ang naramdaman mo dahil dito?

WORD

²*Gaya ng sanggol na bagong panganak, manabik kayo sa dalisay na gatas na espirituwal, upang lumago kayo hanggang makamtan ninyo ang ganap na kaligtasan* ³*ngayong naranasan na ninyo ang kabutihan ng Panginoon.* **1 PEDRO 2:2,3**

(Basahin din ang **MGA GAWA 2:42.**)

Nang nagsalita si Pedro tungkol sa paglago sa kaligtasan, ginamit niya ang *dalisay na gatas na espirituwal* bilang isang talinhaga para sa Salita ng Diyos. Ang pananabik sa gatas ay likas sa isang sanggol. Gaya ng pananabik ng isang bagong panganak na umaasa sa sustansiyang makukuha sa gatas, hinimok ni Pedro na kapanabikan ng mga tao ang gatas na espirituwal. Nang tayo ay muling ipanganak, dapat maging likas din sa atin ang pananabik sa Salita, dahil ito ang makatutulong para tayo ay maging malakas. Ngayong linggo, titignan natin kung paano natin mapag-aaralan ang Salita ng Diyos upang maibigay nito kung ano ang ating kailangan para lumakas sa ating pananampalataya.

1 Pananabik

Gaya ng sanggol na bagong panganak, manabik kayo sa dalisay na gatas na espirituwal, upang lumago kayo hanggang makamtan ninyo ang ganap na kaligtasan . . . **1 PEDRO 2:2**

Ang Salita ng Diyos ay parang espirituwal na gatas na nagpapalakas sa isang Kristiyano. Ang paghahangad sa Salita ay nangangahulugan ng paglalaan ng oras at lakas para dito, at hindi lamang sa tuwing tayo ay may oras. Dapat nating kapanabikan ng buong-puso ang Salita, at hangarin ang Diyos hindi dahil sa ito ay isang obligasyon. Maraming bagay ang maaaring kumuha ng ating pansin, gaya ng mga alalahanin at kaguluhan. Subalit sa halip na magpatangay sa bagay sa mundo, dapat tayong mapuno ng pananabik sa Kanyang Salita sa lahat ng oras. (Mga Salmo 119:20). Ano ang panalangin ng sumulat ng Salmo 119:37? Paano mo natutunang mas lalo pang manabik sa Salita ng Diyos?

2 Pagkalugod

... ngayong naranasan na ninyo ang kabutihan ng Panginoon.

1 PEDRO 2:3

Ang debosyon sa Salita ng Diyos ay bunga ng ating kaalaman at pagkaunawa sa ebanghelyo (Mga Gawa 2:42). Karaniwan lamang dapat ito sa mga mananampalataya na *naranasan na ang kabutihan ng Panginoon*. Hindi lamang tayo dapat mananabik sa Kanyang Salita kundi dapat malugod din tayo dito. Ang magalak sa Salita ng Diyos ay nangangahulugan ng masayang pagbabasa at pag-aaral nito. Ito ay nagiging bunga lamang ng malalim na relasyon sa Kanya. Paano inilarawan ni Jeremias ang Salita? (Jeremias 15:16)

3 Pagsunod

At dahil sumusunod na kayo sa katotohanan, malinis na kayo sa mga kasalanan ninyo, at ngayon ay nagkaroon na kayo ng tapat na pagmamahal sa mga kapatid ninyo kay Cristo. Magmahalan kayo ng taos-puso . . . **1 PEDRO 1:22**

(Basahin din ang **SANTIAGO 1:22**.)

Ang kaalaman tungkol sa katotohanan sa Salita ng Diyos ay hindi sapat. Kailangan din nating sundin ang mga sinasabi Niya. Ang pagbabasa ng Salita ay hindi naaayon lamang upang maging masaya. Ito dapat ay makita sa gawa. Sinasabi sa Santiago 1:22 na dapat nating sundin ang mga sinasabi ng Salita at hindi tayo maging tagapakinig lamang. Ang isang atleta ay maaaring magbasa at mag-aral kung paano maging malakas at matatag. Subalit kung hindi siya mag-eensayo at maisasapamuhay ang kanyang mga natutunan, wala rin siyang mapapala. Bakit dapat makita sa gawa ang pakikinig at pagbabasa ng Salita?

APPLICATION

- Naranasan mo na bang mawalan ng gana sa Salita ng Diyos? Paano mo ito napagtagumpayan? Ano ang ilan sa mga hakbang na maaari mong gawin upang mas lalo ka pang ganahan sa pagbabasa at pag-aaral ng Kanyang Salita?
- Ano ang isang bahagi ng buhay mo na pumipigil sa iyong sumunod sa Salita ng Diyos? Ano ang sinasabi ng Diyos tungkol dito at ano ang gagawin mo?
- Ano ang maaari mong gawin upang hikayatin ang iba na basahin at isapamuhay ang Salita ng Diyos? Mag-isip ng isang tiyak na bagay na maaari mong gawin para sa isang kapamilya o kaibigan ngayong linggo.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang Salita, na nagpapalakas at nagpapanatili sa atin sa araw-araw. Ipanalangin na lumago ang iyong pananabik sa pagbabasa ng Kanyang Salita araw-araw.
- Ipanalangin na mas ganahan ka sa Kanyang Salita at na mas makilala mo Siya sa iyong pagbabasa ng Bibliya. Ipanalangin na baguhin ka ng Kanyang Salita, at na magawa mong sumunod sa sinasabi ng Salita.
- Ipanalangin na ang Salita ng Diyos ay mas maging makatotohanan para sa iyo at sa mga makikilala mo. Hingin sa Diyos na mag-umapaw ito sa buhay mo sa pamamagitan ng iyong pananalita at maging sa lahat ng sitwasyon na kakaharapin mo ngayong linggo.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph